# KAPASIYAHAN BLG. 2021-15

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 008, H-2020 NA NAUUKOL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN AT KAUTUSAN BLG. 001, H-2020 NG BARANGAY NG CATACTE, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG WALONG MILYON, ISANG DAAN APATNAPU'T LIMANG LIBO AT PITONG PISO (PHP8,145,007.00)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Catacte para sa kanilang *annual budget* na laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP8,145,007.00;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Catacte at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Barangay Catacte ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 008, H-2020 na nauukol sa Annual Investment Plan at Kautusan Blg. 001, H-2020 ng Barangay Catacte, Bustos, Bulacan na nauukol sa *annual budget* para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Walong Milyon, Isang Daan Apatnapu't Limang Libo at Pitong Piso (PhP8,145,007.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-19 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-19 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim